
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship-Unang Markahan

## Modyul 6: “Angkop na *Search Engine*, Go na!”



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**ICT & Entrepreneurship – Modyul 6: "Angkop na *Search Engine*, Go na!"**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jemark V. Sulla
**Editor:** Wilma S Carreon, Henry T. Jarina, Gary B. Mosquito
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Roxlee Joy Acorin
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship-Unang Markahan

## Modyul 6: “Angkop na *Search Engine*, Go na!”

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **ICT and Entrepreneurship – Angkop na *Search Engine*, Go na!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa I**CT and Entrepreneurship – Angkop na *Search Engine*, Go na!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na kaya mo ng gawin ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang mga angkop na *search engine* sa pangangalap ng mga impormasyon. (EPP5IE-0d-11)

    1.a Napahahalagahan ang mga mabuting naidudulot ng paggamit ng *ICT.*

    1.b Nakagagamit ng *computer* at *internet* sa pangangalap at pagsasaayos ng impormasyon.

## *Subukin*

**Panuto:** Isaayos ang pagkakasulat ng mga salitang may salungguhit sa bawat bilang. Gawing gabay ang mga kahulugan ng mga salitang ito. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

*Halimbawa;*

**ATCH** – ito ay ginagamit ng mga tao sa pakikipag-usap sa mga kaibigan o kakilala gamit ang internet.

*Sagot:* **CHAT**

1. **PMORETCU** - isang mekanismong kagamitan na nakapagsasagawa ng ibat-ibang gawain tulad ng pag-iimbak at pagpoproseso ng mga datos.

2. **TIENRTEN** - sa pamamagitan nito nagkakaroon tayo ng malawakang ugnayan sa buong mundo.

3. **CTI** - ito ay tumutukoy sa ibat-ibang uri ng teknolohiya na ginagamit sa komunikasyon upang magproseso, mag-imbak, lumikha, at magbahagi ng impormasyon.

4. **OGOLEG** - ito ay napagkukunan ng ibat-ibang datos o impormasyong nais nating makalap o makuha.

5. **CSAEHR** - ito ay ang pangangalap o pananaliksik ng mga datos at impormasyon.

# Aralin 1 Angkop na *Search Engine*, Go na!

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng internet o ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pang araw-araw na gawain ng isang tao. Ang mga bagay na nais matutunan ay mabilis na nahahanap at ang lahat ng mga katanungan ay agad na nasasagot gamit lamang ang kompyuter na konektado sa internet. Isa sa mga mahahalagang ginagampanan ng teknolohiyang ito ay ang paggamit ng *search engine* na kung saan ditto makukuha ang lahat ng mga mahahalagang bagay o impormasyon na nais matutunan.

## *Balikan*

Tinalakay sa naunang modyul ang tungkol sa mga panuntunan sa ligtas at responsableng pagsali sa isang *discussion forum* o *chat.*

Sa pagpapatuloy ng aralin, suriin muna ang iyong kaalaman tungkol sa ligtas at responsableng pamamaraan ng pagsali sa *discussion forum* at *chat.* Maaring sukatin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pahayag ay wasto at **MALI** naman kung hindi.

_________ 1. Maging malinaw sa mga pahayag upang maunawaan nang lubos ang kausap

_________ 2. Mag-*offline* kaagad kung may mahalagang gagawin.

_________ 3. Sumagot kaagad dahil tiyak na naghihintay ng mabilis na sagot ang kausap.

_________ 4. Ugaliin ang pagbabahagi ng mga personal na impormasyon sa kausap.

_________ 5. Palagiang isa-isip at isagawa ang mga panuntunan sa kagandahang-asal sa paggamit ng *internet.*

_________ 6. Iwasan ang paggamit ng ALL CAPS upang hindi mapagkamalang naninigaw sa kausap.

_________ 7. Gamitin nang madalas ang *emoticons* o *smiley faces* sa pakikipag-chat upang hindi maging maliwanag ang nilalaman ng mensahe.

_________ 8. Maaaring iwasan ang paggamit ng web camera upang hindi makita ang hitsura ng kausap.

_________ 9. Maging mahinahon sa pakikipag-usap at iwasan ang paggamit ng mga salitang maaaring makasakit ng kalooban ng kausap.

_________ 10. Tyaking kakilala ang mga nakaka-chat at pinadadalhan ng mga mahahalagang mensahe.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Piliin ang hinihinging kasagutan sa mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kwaderno.

| | |
|---|---|
| a. ***ASK.com*** | d. ***YAHOO*** |
| b. ***GOOGLE*** | e. **AOL Search** |
| c. **Search Engine** | |

_______________ 1. Ito ay ginagamit sa pangangalap ng mga mahahalagang impormasyon gamit ang internet.

_______________ 2. Ikalawang pinakasikat na *search engine*, ang mga gumagamit ay nagsasagawa ng halos *15%* ng lahat ng mga paghahanap sa *internet*.


_______________ 3. Pinakasikat na*search engine* ngayon sa buong mundo at ito ay itinatag ni Larry page at Sergey Brin. Nakatutulong ito upang maging madali ang pagsasaliksik ng mga datos at impormasyon.

_______________ 4. Tinatayang 1% lang ang gumagamit nito sa paghahanap ng mga imormasyon sa *internet*. Inilunsad ito sa *America Online* noong 1999.

_______________ 5. Ito ang ikaapat na pinaksikat na *search engine* na mayroong 2% ng mga paghahanap sa *internet*. Ang *site* ay itinatag noong 1996 at sa simula ay kilala bilang *Ask Jeeves*. Ang pangalan ay pinaikli noong 2005.

## *Suriin*

Pagmasdan ang larawan.




Ano-ano ang mga salitang nakikita mo sa larawan? Ano-ano ang mga impormasyong maaaring makuha natin dito?

Sa katunayan, maraming mga *search engine* ang maaaring gamitin sa pangangalap ng mga impormasyon o datos mula sa *internet*. Dahil dito, mahalaga na matutunan mo, ang tamang paggamit ng angkop na *search engine* sa pangangalap ng mga mahalagang impormasyon.

Ang *search engine* ay isang *software system* o isang kagamitan mula sa internet na kung saan ginagamit upang mapabilis ang paghahanap ng mga impormasyon. Sa katunayan, napapadali ng mga ito ang pagkuha ng tekstwal at audio-biswal na mga impormasyon sa malawak na mundo ng internet.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng *search engine* na madalas na ginagamit ng mga *internet user* at kabilang sa mga nangungunang ginagamit ng mga tao sa buong mundo.

1. **GOOGLE** – ito ang pinakasikat na *search engine* sa ngayon at madalas na ginagamit ng mga tao sa buong mundo. Maliban sa *search engine*, marami pa itong mga serbisyo gaya ng *mail, drive* at marami pang iba. Ang *search engine* na ito ay itinatag ni Larry Page at Sergey Brin. Malaki ang naitutulong nito upang mapadali ang pagsasaliksik ng mga datos at impormasyon na kinakailangan ng mga tao.

2. **YAHOO** - ito ang ikalawang pinakasikat na *search engine* sa buong mundo na umaabot ng halos 15% ang mga gumagamit nito. Ito ay itinatag noong *1994* ng dalawang mag-aaral sa Stanford University na hinihimok pa ng Microsoft Bing.

3. **BING** – ito ay isang *search engine* ng *Microsoft* na kumakatawan sa 10% ng mga paghahanap sa internet. Ito ay gumagamit ng *crawls* o *web spider* o *automatic* na pag-*scan* ng *index internet* para sa kung ano ang hinahanap na mga impormasyon o datos. Gumagamit din ito ng *algorithm* na kung saan ini-iscan nila ang index ng mga pictures, video, music, websites at marami pang iba na maaaring mahanap sa internet.

4. **ASK.com** - ito ang ika-apat na pinakasikat na *search engine* sa buong mundo na mayroong 2% ng mga paghahanap sa *internet*. Ang *site* ay itinatag noong 1996 at sa simula ay kilala bilang *Ask Jeeves*. Ang pangalan ay pinaikli noong 2005.

5. **AOL Search** – ito ay tinatayang may 1% ng mga paghahanap sa *internet* sa buong mundo. Inilunsad sa *America Online* ang *search engine* na ito noong 1999. Sa kabila ng ilang muling paglulunsad at pagbabago, pinanatili nito ang parehong pangalan.

   Ang lahat ng mga nabanggit ay ilan lamang sa mga mahuhusay na halimbawa ng *search engine* at ang ilan pa ay ang *Baidu, Wolframalpha, DuckDuckGo, Internet Archive at Yandex.Ru.*

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na dapat tandaan at maaaring gawin kapag gagamitin ang *search engine*:

1. Piliin ang tamang wika na nais hanapin sa napiling search engine.
2. Isaalang-alang ang partikular na rehiyon o lokasyon ng pinagmulan ng impormasyon.
3. Siguraduhing *updated* ang mga datos o impormasyong gagamitin.
4. Maaaring maglagay ng *domain o site* kung saan gustong hanapin ang iyong hinahanap.
5. Siguraduhing tama at angkop ang mga terminong lumilitaw upang maiwasan ang pagkalap ng mga maling impormasyong.

Mahalagang maging maingat sa lahat ng bagay sa paggamit ng *search engine* dahil maaaring mali at hindi tama ang mga mga impormasyong makukuha. Maging maingat at piliin ang tamang domain o site na gagamitin para maiwasang mabiktima ng mga mapagsamantala.

Maraming mga *website* ang maaaring pasukan at mapuntahan para kunan ng mga mahahalagang impormasyon. Para makatiyak sa kalidad at siguradong mapagkakatiwalaan ang pagkukunan ng impormasyon, maaaring sundin ang mga susmusunod na mga paraan;

1. Hanapin sa internet ang mga *website* na mayroong *.edu* at *.gov* na makikita sa *address bar* upang makatiyak na ito ay mapagkakatiwalaan at de-kalidad at ang mga impormasyon ay dumaan sa isang masusing pag-aaral.
   *Halimbawa:*
   www.deped.gov.ph – ang opisyal na website ng Department of Education kung saan makukuha ang lahat ng mga datos at impormasyon tungkol sa edukasyon sa buong Pilipinas.

   www.doh.gov.ph – ang opisyal na website ng Department of Health kung saan pwedeng makuha ang lahat ng mga tamang datos tungkol sa kalusugan lalong lalo na ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa buong bansa.

2. Upang makatiyak na hindi *fake news* ang mga impormasyon, maaaring magsaliksik at kilalaning mabuti ang awtor at ang kanyang mga naging artikulong nailathala.
3. Basahin muna at unawain ang bawat detalye ng mga impormasyon at tingnan kung ito ba ay patas at walang kinikilingan. Tiyakin na ang lahat ng mga nakalagay na impormasyon ay nagsasaad ng pawang katotohanan lamang at walang kinikilingan. Mahalagang parehong nagpapakita ng kalakasan at kahinaan ang bawat panig ukol sa paksang tinatalakay.
4. Isaalang-alang ang petsa at panahon ng pagkakalathala ng mga impormasyon. Maaaring gamitin lamang ang mga bagong lathalain upang maging kapaki-pakinabang ito at hindi napag-iwanan na ng panahon.
5. Isaalang-alang ang kahalagahan ng mga impormasyon at siguraduhing ito ay kapaki-pakinabang at naglalaman ng de-kalidad at may halagang mga detalye na maaaring magamit.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Kopyahin sa kwaderno ang pagsasanay at punan ang patlang ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. Ang ____________________ay isang *software system* o isang kagamitan mula sa internet na kung saan ginagamit upang mapabilis ang paghahanap ng mga impormasyon.
2. Ang ____________________ ay ang ika-apat na pinakasikat na search engine sa buong mundo na mayroong 2% ng mga paghahanap sa internet.
3. Hanapin sa internet ang mga *website* na mayroong ____________________ na makikita sa *address bar* upang makatiyak na ang mga impormasyon ay dumaan sa isang masusing pag-aaral.
4. Ang ______________________ ay tinatayang may 1% ng mga paghahanap sa internet sa buong mundo at ito ay inilunsad sa America Online noong 1999.
5. Ang ______________________ ay isang search engine ng *Microsoft* na kumakatawan sa 10% ng mga paghahanap sa internet at gumagamit ng crawls o web spider o automatic na pag-scan ng index internet para sa kung ano ang hinahanap na mga impormasyon o datos.
6. Isaalang-alang ang partikular na ____________________o lokasyon ng pinagmulan ng impormasyon.
7. Siguraduhing ______________ ang mga datos o impormasyong gagamitin.
8. Upang makatiyak na hindi _____________________ ang mga impormasyon, maaaring magsaliksik at kilalaning mabuti ang awtor at ang kanyang mga naging artikulo.
9. Ang ____________________ ang ikalawang pinakasikat na *search engine* sa buong mundo na umaabot ng halos 15% ang mga gumagamit nito.
10. Ang ____________________ ang pinakasikat na search engine sa ngayon at madalas na ginagamit ng mga tao sa buong mundo. Maliban sa search engine, marami pa itong mga serbisyo gaya ng mail, drive at marami pang iba.

# *Isaisip*

Isang mahalagang kasanayan ang pangangalap ng impormasyon gamit ang *web browsers* at mga *search engines*. Sa tulong ng *computer* at *internet,* maari tayong makapagsaliksik at mangalap ng makabuluhang impormasyon sa mabilis na pamamaraan.

Mas magiging epektibo ang pananaliksik kung magaling tayo sa paggamit ng *keywords*. Sinasala rin dapat ang impormasyong nakukuha natin dito.

Para sa mga karagdagang kaalaman at kasanayan tungkol sa aralin, maaaring magpatuly sa pagsagot sa mga karagdagang pagsubok.

**Panuto:** Buuin ang talata batay sa mga natutunan sa aralin.

Nakatutulong sa ating pakikipag-ugnayan ang *internet* dahil ____________________________________________________________ ________________________________________________. Malaki ang naitutulong ng ICT hindi lamang sa pakikipag-ugnayan sa ating kapwa kundi pati na rin sa ____________________________________________________________ ______________________________________________.
Napakaraming uri ng impormasyon ang maaaring makuha sa *internet*, gaya ng ____________________________________________________________ ________________________________________.

## *Isagawa*

**Gawain 1**

**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na katanungan gamit ang *search engines.* Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Sino ang ika-pitong presidente ng Republika ng Pilipinas?
2. Ano ang ibig sabihin ng *DSWD?*
3. Ilan ang kulay ng watawat ng bansang Pilipinas?
4. Saan matatagpuan ang Tamaraw?
5. Sino ang unang tao na nakapunta sa buwan?
6. Sino ang Pambansang Bayani ng Pilipinas?
7. Sino ang tinaguriang "Pambansang Kamao"?
8. Ano ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas?
9. Saan matatagpuan ang mga *tarsier?*
10. Ano ang pinakamalaking bulaklak na matatagpuan sa Pilipinas?

**Gawain 2.**

**Panuto:** Sagutin ng **Tama** kung ang pahayag ay nagsasasaad ng wasto at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa kwaderno.

___________ 1. Ang paggamit ng *domain o site* ay maaaring makatulong para mahanap ang mga de-kalidad at mapagkakatiwalaang impormasyon.

___________ 2. May kakayahan ang search engine na maghanap ng mga mahahalagang impormasyon at datos na maaaring gamitin sa kahit na anong bagay.

___________ 3. Siguraduhing hindi *updated* ang mga datos o impormasyong gagamitin.

___________ 4. Ang Google ang pinakasikat na *search engine* sa ngayon at madalas na ginagamit ng mga tao sa buong mundo. Maliban sa *search engine*, marami pa itong mga serbisyo gaya ng *mail, drive* at marami pang iba.

___________ 5. Ang Yahoo ang ikatlong pinakasikat na search engine sa buong mundo na umaabot ng halos 25% ang mga gumagamit nito.

# *Tayahin*

**Gaano ka kagaling sa paggawa?**

**Panuto:** Kilalanin ang tinutukoy ng pangungusap. Buuin ang "*Jumbled words"* para sa iyong sagot. Isulat ang tamang sagot.

1. Ito ang ikalawang pinakasikat *na search engine*, ang mga gumagamit ay nagsasagawa ng halos 15% ng lahat ng mga paghahanap sa *internet* sa pamamagitan ng *site* na iyon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| O | Y | O | H | A |

2. Tinatayang 1% ng mga paghahanap sa *internet* ang ginawa sa pamamagitan ng *search engine* na ito. Inilunsad sa *America Online* ang *search engine* na ito noong 1999.

| | | |
|---|---|---|
| O | L | A |

3. Ito ang *search engine* ng *Microsoft* na kumakatawan sa 10%. gumagamit ng *crawls o web spider o automatic* na pag *scan* ng *index internet* kung anu ang hinahanap natin.


| | | | |
|---|---|---|---|
| G | B | N | I |

4. Ito ang pinakasikat na *search engine* ngayon sa mundo ng *internet.* Maliban sa *search engine*, marami pa itong mga serbisyo na gaya ng *mail, drive* at marami pang iba.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| O | E | G | L | O | G |

5. Ito ang ikaapat na pinakasikat na *search engine* na mayroong 2% ng mga paghahanap sa *internet.* Ang *site* ay itinatag noong 1996 at sa simula ay kilala bilang *Ask Jeeves.*

| | | |
|---|---|---|
| S | K | A |



# *Karagdagang Gawain*

*A.* Maliban sa mga binanggit sa modyul, magbigay pa ng limang (5) *search engines* na ginagamit sa internet sa pangangalap ng impormasyon.

1. ___________________________
2. ___________________________
3. ___________________________
4. ___________________________
5. ___________________________

B. Taglay mo na ba ang mga sumusunod na mga kaalaman o kasanayan?

Lagyan ng tsek (✓) ang *thumbs up icon* kung taglay mo na ito o ang *thumbs down icon* kung hindi pa.

| KAALAMAN/KASANAYAN |  |  |
|---|---|---|
| 1. Naipapaliwanag ko kung ano ang *web browser.* | | |
| 2. Naipapaliwanag ko kung ano ang *search engine.* | | |
| 3. Nakapagsasaliksik ako gamit ang mga angkop na*search engines.* | | |
| 4. Nakakagamit ako ng angkop na*keywords* sa pagsasaliksik. | | |
| 5. Natutukoy ko ang ilan sa mga angkop na *search engine* sa pangangalap ng impormasyon. | | |



Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

**Pagyamanin**

1. search engine
2. Ask.com
3. .edu at .gov
4. AOL Search
5. Bing
6. rehiyon
7. updated
8. fake nes
9. yahoo
10. google

**Tuklasin**

1. Search engine
2. Yahoo
3. Google
4. AOL Search
5. Ask.com

**Balikan**

1.Tama

2.Tama

3.Tama

4.Mali

5.Tama

6. Tama

7. Mali

8. Mali

9. Tama

10. Tama

**Subukin**

1. COMPUTER
2. INTERNET
3. ICT
4. GOOGLE
5. SEARCH

**Isagawa**

Gawain 1.

Gawain 2.

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali

**Tayahin**

1. YAHOO
2. AOL
3. BING
4. GOOGLE
5. ASK

# *Sanggunian*


Curriculum Guide, K to 12 EPP5IE-0d-11 p. 18

*https://tl.m.wikipedia.org*

*https://www.reliablesoft.net*

*https://www.google.com/search?q=search+engines*

Peralta, Gloria A. Ed.D, et.al, Batayang Aklat 5, *Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph